**Atang para kay Nanang Toyang**

Sinopsis ng Maikling Kuwentong Pambata

Ang *Atang para kay Nanang Toyang* ay kuwento ng batang si Kokoy na napansing may suman sa ibabaw ng animo'y natutulog niyang lolang si Nanang Toyang. Nang akmang kukunin niya ito para kainin, sinaway siya ng kaniyang nanay. Atang o alay na pagkain daw ito para sa namayapang lola kaya bawal kainin. Kalaunan, mapapansin ni Kokoy na nababawasan ang suman kaya't iimbestigahan niya ang misteryong ito. Sa huli, matutuklasan ni Kokoy kung bakit unti-unting nababawasan ang atang para kay Nanang Toyang.

**Atang para kay Nanang Toyang**

Naninibago si Kokoy dahil sa dami ng bisita sa kanilang bahay. Ilang gabi na ring parang may handaan. At ang liwa-liwanag! May mga nagdarasal sa tabi. At umaapaw ang kape. Kumalam ang sikmura niya. Nakita niya ang suman sa ibabaw ng animo'y natutulog na si Nanang Toyang. Lola niya si Nanang Toyang, nanay ng nanay niya. Akma na siyang kukurot sa suman nang may pumigil sa kaniyang kamay.

"Hammu kanin dayta, Kokoy!" saway ng kaniyang nanay.

Nitong mga nakaraang araw, ang daming bawal. Bawal maligo. Bawal magsuklay. Bawal magwalis. Bawal magpasalamat sa mga bisita. Bawal ihatid ang mga bisita palabas ng bahay. At ngayon, bawal ding kunin ang pagkain sa ibabaw ni Nanang Toyang.

"Mamang, bakit may pagkain sa ibabaw ni Nanang?" pagtataka ni Kokoy.

Ang kaniyang tatay ang sumagot. "Atang ang tawag diyan. Naghahain tayong mga Ilokano ng kakanin gaya ng suman bilang alay sa mga namayapang mahal natin sa buhay. Gaya ni Nanang."

"Tatang, nakakain ba 'yan ni Nanang?"

Nagkibit-balikat ang kaniyang tatay. "Hindi ko alam, nakkung. Basta 'yan ang tradisyon natin. At paborito ni Nanang ang suman."

"Ako na lang ang kakain! Para hindi sayang!"

“Talaga sika nga ubing, Kokoy!” Napakamot ng ulo ang kaniyang nanay. Binigyan na lang siya nito ng biskuwit.

Pitong araw ring nagtagal ang mga bisita sa bahay. Kasabay ng pag-alis nila, hindi na rin nakita ni Kokoy si Nanang. Parang nanamlay ang buong bahay. Pero kahit umalis na ang mga bisita, tuloy-tuloy ang pagdarasal ng pamilya ni Kokoy. Pagkalipas ng dalawang araw, may mga bumisita ulit sa kanila.

“Mamang, bakit may mga bisita ulit tayo?”

“Bumabalik daw ang kaluluwa ng namatay makalipas ang siyam na araw kaya sasamahan tayo ng mga kapitbahay natin sa pagdarasal,” paliwanag ng kaniyang nanay.

Nagdasal sila ng Amami, Ave Maria, at Gloria iti Ama sa harap ng altar. May retrato ni Nanang Toyang dito. Napapalamutian ang altar ng iba’t ibang bulaklak: rosas, sampaguita, orkidyas. May mga pigurin ng mga santo. Pero ang pinaka nakaagaw ng pansin ni Kokoy ay ang nakahaing suman. Akma na niyang kukunin ang kakanin nang mahuli siya ng kaniyang nanay.

“Hammu kanin dayta, Kokoy!” saway ng kaniyang nanay.

“Bawal pa ring kainin ang suman?”

“Atang ‘yan! Alay natin kay Nanang!” sagot ng kaniyang nanay. “Maglaro ka na lang sa labas!”

Apatnapung araw makalipas ang pagkamatay ni Nanang, nag-alay ang nanay ni Kokoy ng paboritong suman, bua, at rosaryo ni Nanang Toyang sa altar. Ang ikaapatnapung araw raw ang

huling araw ng kaluluwa sa mundo bago umakyat sa langit. Nagtirik sila ng kandila para sa kaniya. Nagsambit ng mga panalangin. Pero parang may kakaiba sa altar. May kagat na ang suman! Ipinaalam agad ito ni Kokoy sa kaniyang tatay.

"Nabawasan nga ang suman," kumpirma ng kaniyang tatay habang sinisipat ang kakanin.

"Baka naman kumurot ka kaya nabawasan?" akusa naman kay Kokoy ng kaniyang nanay.

"Haan, Mamang!" todo tanggi niya.

"Baka kinagatan ng mabait?" suspetsa ng kaniyang tatay.

Daga nga kaya ang may sala?

Kinagabihan, sama-sama silang nagdasal para sa kaluluwa ni Nanang. Pagkatapos magdasal, lumapit si Kokoy sa altar para ayusin ang retrato ni Nanang. Napansin niyang nabawasang muli ang suman!

"Nanang, Tatang, may kagat na naman ang suman!"

Sinuri ng kaniyang tatay ang suman. Mas malaki na nga ang bawas nito. "Baka kinagatan ng ipis?"

"O baka ng langgam?" mungkahi ng kaniyang nanay.

Hindi na alam ni Kokoy kung ano ang paniniwalaan. Basta patuloy siyang magmamatyag!

Pagkatapos maghapunan at magsipilyo, naglagay si Kokoy ng silya sa harap ng altar. Naupo siya at nakatitig lang sa suman. *Mahuhuli ko rin ang salarin!* Lumipas ang mga minuto. Parehong hindi gumagalaw ang suman pati ang titig niya rito. Hindi niya namalayang nabawasan na naman ang suman nang sandali siyang makaidlip! Nakakainis! Sino kaya ang kumuha? Hindi puwedeng may ibang kumain ng paboritong suman ni Nanang!

May narinig siyang kumakaluskos. Hinanap niya ang pinanggagalingan ng tunog. Pinasok niya ang banyo. Sinuri ang lababo. Binuksan ang paminggalan sa kusina. Wala siyang nakita o narinig na kakaiba. Saan kaya nanggagaling ang kaluskos?

Hanggang sa mapansin niyang may gumagalaw sa pinto ng bodega malapit sa kusina. Ano kaya'ng meron doon? Naging tambakan na ito ng kanilang mga lumang kahon, diyaryo, at libro. Ang piraso ng suman, nagsusumiksik sa maliit na butas ng pinto! Nakakita siya ng apat na maliliit na paa. Tinubuan ng mga paa ang suman? Hindi, isang daga ang may buhat-buhat!

Nang hahawakan na niya ang piraso ng suman, bigla itong nakalusot sa butas! Binuksan niya ang pinto at sinundan ito.

Tumambad sa kaniya ang isang dagang pinapakain ng suman ang tatlo nitong bubuwit sa isang maliit na kahon. Hindi na niya binawi ang pirasong kinuha ng daga.

Nagtungo siya sa altar at kumurot sa suman. Inialay niya ito sa tatlong bubuwit sa bodega.

Pagbalik ni Kokoy sa silya sa harap ng altar, nabawasang muli ang suman! Sino naman kaya ang kumuha?

May narinig siyang kumakaluskos. Hinanap niya ang pinanggagalingan ng tunog. Nagpunta siya sa kuwarto. Binuksan ang aparador. Tiningnan ang ilalim ng kama.  Wala siyang nakita o narinig na kakaiba. Saan kaya nanggagaling ang kaluskos?

Pagbalik sa kusina, napansin niyang may gumagalaw sa kabinet sa ilalim ng lababo. Ano kaya'ng meron doon? Pagbukas niya ng pinto ng kabinet, tumambad sa kaniya ang dalawang ipis na kinakain ang piraso ng suman. Hindi na niya binawi ang pirasong kinuha ng ipis.

Nagtungo siya sa altar at kumurot sa suman. Inialay niya ito sa dalawang ipis sa kabinet.

Pagbalik ni Kokoy sa silya sa harap ng altar, nabawasan na namang muli ang suman! Sino naman kaya ang kumuha?

May narinig siyang kumakaluskos. Hinanap niya ang pinanggagalingan ng tunog. Sinilip niya ang butas sa dingding ng sala. Sinipat ang ilalim ng sopa. Tiningnan ang ilalim ng lamesa at mga silya. Wala siyang nakita o narinig na kakaiba. Saan kaya nanggagaling ang kaluskos?

Hanggang sa mapansin niyang may gumagalaw sa bintana. Ano kaya'ng meron doon? Paglapit niya sa bintana, tumambad sa kaniya ang isang pulutong ng mga langgam na pasan-pasan ang piraso ng suman papunta sa lungga ng mga ito. Hindi na niya binawi ang pirasong kinuha ng mga langgam.

Nagtungo siya sa altar at kumurot sa suman. Inialay niya ito sa pulutong ng mga langgam sa bintana.

Bumalik siya sa silya sa harap ng altar para ituloy ang pagmamatyag. Hanggang sa tuluyan siyang nakatulog nang may matamis na ngiti sa kaniyang labi.

Kinabukasan, dumiretso si Kokoy sa altar para magdasal at magpasalamat. May biglang dumapong paruparo sa retrato ni Nanang Toyang.

“Tatang! May malaking paruparo!” sigaw ni Kokoy.

“Paano nakapasok ang mariposa sa loob ng bahay?” pagtataka ng kaniyang tatay.

“Siguro si Nanang ‘yan, dinadalaw tayo para magpaalam,” sagot ng kaniyang nanay. “Agyamanak, Nanang!”

Laking gulat ni Kokoy nang mapansing ubos na ang suman sa altar! Sino kaya ang salarin? Hindi pa ba nabusog ang mga daga, ipis, at langgam sa ibinahagi niyang pagkain kagabi? Ipinaalam niya ito sa kaniyang nanay at tatay. Nagpalitan ng tingin ng pagtataka ang kaniyang mga magulang.

Sinubukang manakot ng kaniyang nanay. “Baka kinain ni Nanang!”

“Mamang naman, e!” bulalas ni Kokoy sabay takbo sa kuwarto.

Totoong pinlano nilang takutin si Kokoy. Noong nakaraang gabi, habang inililipat ng kaniyang tatay sa kuwarto ang anak na nakatulog sa silya, binawasan ng kaniyang nanay ang suman. Pero sinigurado nitong may naiwan pang kalahati ng suman sa altar. Kaya laking pagtataka nito nang wala nang natira ni mumo. Ipinagdasal na lang nila ang kaluluwa ni Nanang.

Sa tabi ng altar, masayang nilalantakan ng kaluluwa ni Nanang Toyang ang natirang piraso ng paboritong suman. At siya ay dumighay.

**Talasalitaan**

Hammu kanin dayta – bawal kainin iyan

Nanang – lola

Mamang – nanay

Tatang – tatay

Nakkung – anak

Talaga sika nga ubing – pasaway ka

Amami – Ama Namin

Ave Maria – Aba Ginoong Maria

Gloria iti Ama – Luwalhati sa Ama

Bua – nguyaing karaniwang binubuo ng buyo at apog na binalot sa ikmo; ngangà sa Tagalog

Haan – hindi

Agamanyak – salamat